

Paano humiram ng aklat (libro)

Maligayang pagdating sa 5 star Library

May mga nobelang mababasa

May mga pelikulang mapapanuod

May kapeng maiinom

May tanawin na kagigiliwan

Ikinalulugod naming kayong makarating sa Silid Aklatan ng Munisipyo sa Siudad ng Kaohsiung

1. Aplikasyon para sa library card

Kung may pinanghahawakang residence permit o documento ng embahada, maaring pumunta ng kounter para punan ang aplikasyon para sa library permit.

Maari mong ipagbigay alam ang mga sumusunod para sa aplikasyon :

(1) Pangalan , kasarian , uri ng trabaho, residence i.d.no. o numero ng pasaporte, araw ng kapanganakan, email, residente or address ng tirahan, telepono o celpone no.

(2) Kung sakaling gustong gumamit ng (kard)(ipass card) sa paghiram ng libro, lagyan ng tsek ang patlang ng aplikasyon (Application form).

(3) Kung sakaling magpapapunta ng kahalili , dapat din dalhin ng kahalili ang kanyang sariling i.d. at residence i.d. o kaya dokumento ng embahado para Sa pagsasaayos.

2. Paghiram ng aklat (libro)

Maaaring gamitin ang library card sa lahat ng Silid Aklatan ng Kaohsiung.

(1) Main Library : Maaring humiram ng 5 klaseng libro, 1 audio-visual materiales isang beses para sa loob ng 7 araw.

(2) Branch or sangay : Maaring humiram ng 10 klaseng mga libro, dalawang audio-visual na materyales, dalawang lumang isyu ng magasin; drawing books, mga journal, para sa loob ng 28 araw, at 14 araw naman para sa audio-visual na materyales.

(3) Ang araw na palugit sa paghiram at bilang ng librong hihiramin ay depende sa pagsasagawa ng naaayon sa mga aktibidad.

(4) Maari mong isauli o ibalik ang mga nahiram na libro sa main library o maski na sa mga sangay (branches) ng library.

3. Verification

Ang Library card ay dapat ipa-verify isang beses kada 3 taon, maari lang na dalhin ang residence i.d. o dokumentong embahada. Ang mga dokumento ay katunayan para sa verification.